

# African swine fever

## Protektahan ang Australya laban sa African swine fever.

Ang African swine fever (ASF) [sakit mula sa Africa na lagnat ng baboy] ay isang lubhang nakahahawang sakit ng baboy na mabilis na kumakalat at makasisira sa industriya ng baboy sa Australya kung ito ay makapapasok dito.

Ang sakit ay naikakalat sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga baboy na may impeksiyon, kontaminadong mga sasakyan, kagamitan o kasuotan, at sa pamamagitan ng pagpapakain sa mga baboy ng may impeksiyong swill o tira-tirang karne.

Mahalaga na huwag nating papasukin ang ASF sa Australya at kailangan namin ang inyong tulong kapag kayo ay naglalakbay at nagtatrabaho sa Australya. Gawin ang inyong makakaya upang protektahan ang Australya.

### Bago kayo maglakbay.

- Huwag magpasok sa Australya ng karne o mga produktong-hayop mula sa inyong bansa.
- Huwag magpasok sa Australya ng anumang mga kasuotan o kagamitan na ginamit sa mga baboy sa inyong bansa.
- Kung kayo ay nagkaroon ng kontak sa mga baboy sa inyong bansa, maghintay nang pitong araw bago magkaroon ng kontak sa mga baboy, o iwasang magkaroon ng kontak sa mga baboy sa Australya.

### Pagpapanatili ng mabubuting mga gawi na pang-biosecurity at pangkalinisan sa Australya.

Huwag kailanman magpakain sa baboy ng mga produktong-karne, o mga pagkain na maaaring nagkaroon ng kontak sa mga produktong-karne, na kilala bilang swill. Ito ay labag sa batas.

- Kapag pumapasok sa isang farm o lugar ng produksiyon, gumamit ng:
- mga kagamitang nasa mismong farm na iyon, mga bota at kagamitan kung ibinibigay.

Tayong lahat ay magtulong-tulong sa responsabilidad na protektahan ang Australya laban sa ASF.

**Kung ito ay tila kahina-hinala, tawagan kami sa 1800 675 888.**

### Pagdating ninyo.

Ang Australya ay mayroong istriktong mga paghihigpit sa kuwarantenas tungkol sa karne o mga produktong-hayop na pumapasok sa bansa.

- Ideklara ang lahat ng mga produkto, pati pagkain, mga produktong-hayop at materyal na panghalaman, na tinitiyak sa inyong incoming passenger card (kard para sa papasok na pasahero).
- Kung hindi ninyo idedeklara ang mga bagay-bagay, gaya ng karne o mga produktong-hayop, kayo ay maaaring mamultahan.

- Isang hugasan ng paa para sa suot sa paa.
- Isang angkop na pangdisimpekta, gaya ng chlorine, upang maglinis ng kagamitan.

Kapag kayo ay lilisan sa farm:

- Magdisimpekta ng inyong mga bota, kasuotan, mga sasakyan at anumang mga kagamitan na dadalhin ninyo palabas.

